

Sino ang Diyos (Allah)?



Pag-aaralan Para sa mga Pilipino

Isang tanong na nagpabago sa buhay ng milyon-milyong tao

Mula pa noong simula ng kasaysayan, ang sangkatauhan ay patuloy na nagtatanong:

- ? Sino ang lumikha ng sansinukob na ito?
- ? May layunin ba ang buhay?
- ? Mayroon bang Maylalang na nakaririnig sa akin at nakaalam ng aking pinagdaraan?
- ? Bakit may kabutihan at kasamaan?
- ? Ano ang kahahantungan ng ating buhay?

Maaaring magkakaiba ang mga sagot ng iba't ibang kultura, ngunit ang Islam ay nagbibigay ng malinaw at ganap na pag-unawa tungkol sa Diyos, na sumasagot sa mga tanong na ito at nagbibigay ng matibay na batayan sa pag-unawa sa kahulugan ng buhay.

Ang Diyos ang Maylalang

Itinuturo ng Islam na ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay. Nilikha Niya ang mga kalangitan at ang daigdig, ang mga bituin, ang mga dagat, ang mga bundok, at lahat ng may buhay. Nilikha Niya ang tao sa pinakamainam na anyo at pinagkalooban siya ng isip, kakayahang mag-isip, at kalayaang pumili. Habang mas pinagmamasdan ng tao ang sansinukob, mas nakikita niya ang kahanga-hangang kaayusan nito. Ang ganitong kasakdalan ay hindi bunga ng pagkakataon, kundi patunay ng isang Dakilang Maylalang na may ganap na kapangyarihan, kaalaman, at karunungan.

Sinabi ng Allah sa Qur'an:

"Katotohanan, sa paglikha ng mga kalangitan at kalupaan at sa pagsasalitan ng gabi at araw ay may mga palatandaan para sa mga taong may pang-unawa." (Qur'an 3:190)

Ang Diyos ay lisa

Naniniwala ang mga Muslim na ang Diyos ay iisa at walang katambal.

Walang ibang kasama sa paglikha ng sansinukob, at hindi Niya kailangan ang anumang katuwang o tagapamegitan. Hindi Siya bahagi ng Kanyang nilikha at wala Siyang katulad. Hindi Siya nalilimitahan ng panahon o ng lugar. Ganap ang Kanyang kaalaman, ganap ang Kanyang kapangyarihan, at ganap ang Kanyang awa.

Dahil dito, ang pagsamba sa Islam ay iniialay lamang sa Diyos.

Ang Diyos ay Pinakamaawain

Dalawa sa mga pinakabinabanggit na pangalan ng Diyos sa Qur'an ay Ar-Rahman (Ang Pinakamahabagin) at Ar-Raheem (Ang Pinakamaawain).

Ang Kanyang awa ay sumasaklaw sa lahat ng tao. Siya ang nagbibigay ng buhay, kabuhatan, at lahat ng kailangan upang mabuhay.

Ang Kanyang awa ay hindi lamang para sa mundong ito. Inaanyayahan Niya ang Kanyang mga alipin na magsisi at unatanggap ang sinumang taos-pusong nagbabalik-loob sa Kanya.

Gaano man karami ang pagkakamali ng isang tao, nananatiling bukas ang pintuan ng Kanyang awa habang siya ay nabubuhay.

Sinabi ng Allah:

"Ang Aking awa ay sumasaklaw sa lahat ng bagay." (Qur'an 7:156)

Ang Diyos ay Pinakamapagpatawad

Lahat ng tao ay nagkakamali.

Kinikilala ng Islam ang likas na kahinaan ng tao at palaging bukas ang daan ng pagbabalik-loob sa Diyos.

Kung ang isang tao ay taos-pusong nagsisisi, ikinalulungkot ang kanyang kasalanan, at nagsisikap na baguhin ang kanyang sarili, patatawarin siya ng Diyos.

Dahil dito, namumuhay ang isang Muslim na may pag-asa at paggalang sa Diyos—hindi nawawalan ng pag-asa sa Kanyang awa at hindi rin nagiging mapagmataas dahil sa mabubuting gawa.

Sinabi ng Allah:

"Sabihin mo: O Aking mga alipin na nagkasala laban sa kanilang sarili, huwag kayong mawalan ng pag-asa sa awa ng Allah. Katotohanan, ang Allah ay nagpapatawad sa lahat ng kasalanan." (Qur'an 39:53)

Ang Diyos ay Ganap ang Karunungan

May mga pagkakataong dumaraan ang tao sa mga pangyayaring hindi niya nauunawaan o sa mga pagsubok na tila walang dahilan. Itinuturo ng Islam na ang Diyos ay Ganap sa Karunungan at ang lahat ng Kanyang ipinasiya ay nakabatay sa ganap na kaalaman at karunungan, kahit hindi pa ito lubos na nauunawaan ng tao.

Ang pananampalataya sa karunungan ng Diyos ay nagbibigay ng kapayapaan sa puso at lakas upang maging matiyaga at magtiwala.

Ang Diyos ay Ganap ang Kaalaman

Alam ng Diyos ang lahat.

Alam Niya ang nakikita natin at maging ang hindi natin nakikita.

Alam Niya ang nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap.

Alam Niya ang lahat ng nasa ating mga puso, maging ang hindi natin kayang ipahayag sa salita.

Kaya't hindi kailangang itago ng tao ang kanyang damdamin o pagdurusa sa kanyang Maylalang, sapagkat alam Niya ang lahat at Siya ay Pinakamaawain.

Ang Diyos ang Tagapagkaloob

Ang bawat biyaya sa ating buhay ay nagmumula sa Diyos.

Ang hanging ating nilalanghap, ang tubig na ating iniinom, ang pagkain, kalusugan, pamilya, kaalaman, at kapayapaan ay pawang Kanyang mga biyaya.

Dahil dito, natututo ang mga Muslim na magpasalamat sa Diyos habang nagsisikap sa kanilang kabuhatan, na may paniniwalang ang tunay na kabuhatan ay nasa kamay ng Diyos.

Bakit tayo nilikha ng Diyos?

Itinuturo ng Islam na hindi nilikha ng Diyos ang tao nang walang layunin.

Nilikha Niya ang tao upang makilala Siya, sambalin Siya, at mabuhay sa daigdig nang may kabutihan, katarungan, at awa.

Ang bawat tao ay may halaga, at ang bawat buhay ay may layunin. Ang pagkilala sa Diyos ang tunay na simula ng pag-unawa sa layuning iyon.

Paano natin makikilala ang Diyos?

Inaanyayahan ng Islam ang tao na gamitin ang kanyang isip, pagnilayan ang sansinukob, basahin ang Qur'an, at pag-isipan ang mga biyaya at mga palatandaan ng Diyos.

Habang mas nakikilala ng tao ang kanyang Maylalang, lalo pang tumitibay ang kanyang pananampalataya at napupuno ng kapayapaan at pag-asa ang kanyang puso.

Huling Mensahe

Kung ikaw ay naghahanap ng katotohanan, magsimula sa pinakamahalagang tanong: Sino ang Diyos (Allah)?

Ang sagot sa tanong na ito ay maaaring maging simula ng isang paglalakbay na magbabago sa iyong pananaw tungkol sa buong buhay.

Ikinalulugod naming sagutin ang iyong mga katanungan at ipakilala sa iyo ang Islam mula sa mga tunay at mapagkakatiwalaang sanggunian, nang may paggalang, katapatan, at katotohanan.